Mensahe Apat

## Si Job at ang Dalawang Puno

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:9, 17; Apoc. 22:1-2, 14; Job 1:1; 2:3; 4:7-8; 42:1-6; Roma 8:5-6

**I. Ayon sa dibinong pahayag sa mga Kasulatan, mayroong dalawang puno, dalawang pinagmumulan, dalawang daan, dalawang prinsipyo, at dalawang kasukdulan:**

A. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos bilang buhay sa tao sa kaugnayan ng tao sa Kanya; ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay sumasagisag kay Satanas, ang diyablo, ang masamang isa, bilang kamatayan sa tao sa pagkatisod ng tao sa harap ng Diyos—Gen. 2:9, 17; Awit 36:9a.

B. Ang puno ng buhay ay ang pinagkukunan ng mga tao na naghahanap sa Diyos bilang buhay para sa kanilang tustos at katamasahan; ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay ang pinagkukunan ng mga tao na sumusunod kay Satanas bilang kanilang lason tungo sa kamatayan at walang hanggang kapahamakan—Juan 1:4; 15:1; 8:44.

C. Ang unang daan ay ang daan ng buhay, ang makitid na daan, upang hanapin ng mga tao ang Diyos, tamuhin ang Diyos, at tamasahin ang Diyos sa Kanyang walang hanggang buhay bilang tustos; ang ikalawang daan ay ang daan ng kamatayan at ng mabuti at masama, ang maluwang na daan, upang sundan ng mga tao si Satanas upang maging kanyang mga anak—Mat. 7:13-14; Gawa 9:2; 1 Juan 3:10a.

D. Ang unang prinsipyo ay ang prinsipyo ng buhay—ang prinsipyo ng pagdepende sa Diyos; ang ikalawang prinsipyo ay ang prinsipyo ng kamatayan at ng mabuti at masama—ang prinsipyo ng pagsasarili mula sa Diyos—Gen. 4:3-4; Jer. 17:5-8; Juan 15:5.

E. Ang dalawang kasukdulan ay ang huling kinalabasan ng dalawang puno, ng dalawang pinagmumulan, ng dalawang daan, at ng dalawang prinsipyo:

1. Ang kasukdulan ng daan ng buhay ng Diyos ay isang lungsod ng tubig ng buhay, ang Bagong Herusalem—Apoc. 21:2, 9-11; 22:1-2.
2. Ang kasukdulan ng daan ng kamatayan at ng mabuti at masama ay isang dagat-dagatang apoy—19:20; 20:10, 14-15.

**II. Ang intensiyon ng Diyos ay hindi ang magtaglay ng isang Job sa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama kundi isang Job sa linya ng puno ng buhay:**

A. Ang lohika nina Job at ng kanyang mga kaibigan ay ayon sa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama; sila ay walang dibinong pahayag at karanasan ng dibinong buhay—Job 2:11—32:1.

B. Si Job, gaya ng kanyang mga kaibigan, ay nahinto sa kaalaman ng tama at mali, hindi nalalaman ang ekonomiya ng Diyos—4:7-8:

1. Wala si Job ni ang kanyang mga kaibigan sa linya ng puno ng buhay na itinalaga ng Diyos na kalagyan ng tao—Gen. 2:9.
2. Ang kanilang konsepto hinggil sa kaugnayan ng tao sa Diyos ay naitatag sa mabuti at masama, tama at mali, lubusang ayon sa prinsipyo ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama at lubusang ayon sa pantao, etikal na konsepto ng natisod na tao—Job 8:1-20.

C. Sina Job at ang kanyang mga kaibigan ay nasa kinasasaklawan ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama; sinisikap ng Diyos na sagipin sila mula sa kinasasaklawang iyon at ilagay sila sa kinasasaklawan ng puno ng buhay—1:1; 2:3; 19:10.

D. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos kay Job ay ang ibaling siya mula sa daan ng mabuti at masama tungo sa daan ng buhay nang sa gayon ay matamo niya ang Diyos nang lubusan—42:1-6.

**III. Kailangan natin ng pangitain ng puno ng buhay—Gen. 2:9; Apoc. 22:1-2, 14:**

A. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan bilang buhay sa anyo ng pagkain—Gen. 2:9.

B. Ang puno ng buhay ay ang sentro ng sansinukob:

1. Ayon sa layunin ng Diyos, ang lupa ay ang sentro ng sansinukob, ang hardin ng Eden ay ang sentro ng lupa, at ang puno ng buhay ay ang sentro ng hardin ng Eden; kaya, ang sansinukob ay nakasentro sa puno ng buhay.
2. Wala nang mas sentro at mas mahalaga pa kapwa sa Diyos at tao kaysa sa puno ng buhay—3:22; Apoc. 22:14.

C. Inihahayag ng Bagong Tipan na si Kristo ang katuparan ng sagisag ng puno ng buhay—Juan 1:4; 15:5.

D. Lahat ng aspekto ng nagpapaloob ng lahat na Kristo na inihayag sa Ebanghelyo ng Juan ay ang kinalabasan ng puno ng buhay—6:48; 8:12; 10:11; 11:25; 14:6.

E. Ang pagtatamasa sa puno ng buhay ay ang magiging walang hanggang bahagi ng lahat ng tinubos ng Diyos—Apoc. 22:1-2, 14:

1. Tinutupad ng puno ng buhay magpasawalang-hanggan kung ano ang ninais ng Diyos sa tao mula pa sa simula—Gen. 1:26; 2:9.
2. Ang mga bunga ng puno ng buhay ay ang magiging pagkain para sa mga tinubos ng Diyos sa walang hanggan; ang mga bungang ito ay magiging patuloy na sariwa, na naibubunga bawat buwan—Apoc. 22:2.

**IV. Ang dalawang puno sa Genesis 2:9—ang puno ng buhay at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama—ay kumakatawan sa dalawang prinsipyo ng pamumuhay:**

A. Ipinakikita ng dalawang puno na ang isang Kristiyano ay maaaring mamuhay ayon sa dalawang magkaibang prinsipyo—ang prinsipyo ng tama at mali o ang prinsipyo ng buhay—1 Cor. 8:1.

B. Sina Job at ang kanyang mga kaibigan ay naghabol ng isang bagay sa kinasasaklawan ng etika, subalit tayo, ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, ay dapat maghabol ng isang bagay sa kinasasaklawan ng Diyos—15:28; Efe. 3:16-21.

C. Ang pagiging isang Kristiyano ay hindi isang bagay ng prinsipyo ng tama at mali, ang prinsipyo ng mabuti at masama, kundi isang bagay ng buhay—1 Juan 5:11-13, 20:

1. Nang matanggap natin ang Panginoong Hesus at natamo ang isang bagong buhay, nakamtan natin ang isa pang prinsipyo ng pamumuhay—ang prinsipyo ng buhay; kung hindi natin nalalaman ang prinsipyong ito, isasaisantabi natin ang prinsipyo ng buhay at susundin ang prinsipyo ng tama at mali.
2. Sa ating praktikal na pamumuhay, marahil ay wala tayo sa linya ng puno ng buhay kundi nasa linya puno ng kaalaman ng mabuti at masama—Kaw. 16:25; 21:2.
3. Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, wala tayo dapat sa kinasasaklawan ng kaalaman ng mabuti at masama kundi nasa kinasasaklawan ng Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b; Roma 8:2.
4. Upang mamuhay ayon sa prinsipyo ng puno ng buhay, kailangan nating sundin ang panloob na pandama ng buhay—b. 6; Efe. 4:18-19; Isa. 40:31:
    a. Ang pandama ng buhay sa negatibong panig ay ang damdamin ng kamatayan—Roma 8:6a.

   b. Ang pandama ng buhay sa positibong panig ay ang damdamin ng buhay at kapayapaan, kalakip ang isang kamalayan ng kalakasan, kasiyahan, kapahingahan, kaliwanagan, at kaaliwan—b. 6b.
5. Kapag tayo ay namumuhay ayon sa prinsipyo ng puno ng buhay, hindi natin pahahalagahan ang mabuti at masama kundi ang buhay, at kikilatisin natin ang mga bagay hindi ayon sa tama at mali kundi ayon sa buhay at kamatayan—Gen. 2:9, 16-17; 2 Cor. 11:3.

**V. Bawat tunay na mananampalataya sa loob ni Kristo ay isang maliit na hardin ng Eden, taglay ang Diyos bilang puno ng buhay sa kanyang espiritu at si Satanas bilang puno ng kaalaman ng mabuti at masama sa kanyang laman—Gen. 2:9; Roma 8:2, 5-6:**

A. Tayo ay isang maliit na hardin ng Eden sapagkat ang trayanggulong situwasyon na kinabibilangan ng Diyos, tao, at ni Satanas ay nasa loob natin ngayon—Gen. 1:27-29; 2:9, 16-17:
1. Bago matisod ang tao, ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama at ang puno ng buhay ay nasa labas ng tao—bb. 9, 16-17.
2. Sa pamamagitan ng pagkatisod, ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay napasaloob natin, at sa pamamagitan ng pagkasilang na muli, ang puno ng buhay ay napasaloob natin ngayon.
3. Ang ating espiritu ay naihalo sa Tres-unong Diyos, at ang ating katawan, na naging laman, ay nahaluan ng makasalanang elemento ni Satanas (1 Cor. 6:17; Roma 5:12; 6:6, 12); ginagawa nito ang Kristiyano na isang maliit na hardin ng Eden.

B. Bilang mga yaong kinatawan ni Adam sa Genesis 2, taglay natin ang puno ng buhay sa ating espiritu at ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama sa ating laman—b. 9; Apoc. 2:7b; 22:14:
1. Sa tuwing kinakaugnay natin ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama, tayo ay namamatay; sa tuwing kinakaugnay natin ang puno ng buhay, natatamo natin ang buhay—Roma 8:5-6, 10.
2. Kung tatayo tayo sa panig ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama at kakaugnayin si Satanas, ipamumuhay natin ang buhay ni Satanas, ang diyablo, at ang resulta ay kamatayan—2 Cor. 11:3; Roma 3:23; 1 Juan 3:4.
3. Kung tatayo tayo sa panig ng puno ng buhay at kakaugnayin ang Diyos, ipamumuhay natin ang Diyos, at ang resulta ay magiging buhay—Juan 11:25; 14:6; 15:1, 4-5.

C. Ipinakikita ng Roma 8:5-6 ang maliit na hardin ng Eden, kalakip ang laman at kamatayan sa isang panig, ang espiritu at buhay sa kabilang panig, at ang kaisipan sa gitna:
1. Natutuhan natin sa Roma 8 na kailangan nating ibaling ang ating katauhan sa buháy na Isa na nananahan sa ating espiritu at manatiling kaisa Niya—b. 6b; 1 Cor. 6:17.
2. Kapag itinutuon natin ang ating kaisipan sa espiritu, tayo ay may buhay, kapayapaan, liwanag, kaaliwan, at kalakasan; ang ating kauhawan ay natitighaw, at ang ating kagutuman ay natutugunan—Roma 8:5, 6b; Juan 4:14; 7:37-38; Mat. 5:6.
3. Kapag itinutuon natin ang ating kaisipan sa espiritu, ang ating kaisipan ay punô ng buhay at kapayapaan—Roma 8:6b:
   a. Mayroon tayong kapayapaan sapagkat walang di-pagkakasundo sa pagitan ng ating panlabas na pag-uugali at ng ating panloob na katauhan—b. 6b; Isa. 9:6-7; 26:3.

b. Kapag nagsasalita tayo na ang ating kaisipan ay nakatuon sa espiritu, ang buhay ay naisasakatawan sa ating mga salita sapagkat tayo ay kaisang espiritu ng Panginoon—Kaw. 18:21; Juan 6:63; Efe. 4:29.

*© 2020 Living Stream Ministry*